
2

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 4:
## Pagsagot sa mga Tanong sa Napakinggang Kuwentong Kathang-isip



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 4: Pagsagot sa mga Tanong sa Napakinggang Kuwentong Kathang-isip**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Lea C. De Jesus

**Editor:** Elena V. Almario, Cita C. Merla, Marie Ann C. Ligsay PhD

**Tagasuri:** Marcela S. Sanchez, Racy V. Troy, Marie Ann C. Ligsay PhD

**Tagaguhit:** Lea C. De Jesus

**Tagalapat:** Cristina T. Fangon

**Tagapamahala:** Nicolas T. Capulong PhD, CESO V
Librada M. Rubio PhD
Ma. Editha R. Caparas EdD
Nestor P. Nuesca EdD
Merlinda T. Tablan EdD
Ellen C. Macaraeg EdD
Elena V. Almario

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng** ___________________________________

**Kagawaran ng Edukasyon - Rehiyon III**
Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 4: Pagsagot sa mga Tanong sa Napakinggang Kuwentong Kathang-isip

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagsagot sa mga Tanong sa Napakinggang Kuwentong Kathang-isip!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto sa mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang ika-21 siglong mga kasanayan habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag- aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Pagsagot sa mga Tanong sa Napakinggang Kuwentong Kathang-isip!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng awaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng marka o sulat ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makasasagot sa mga tanong tungkol sa napakinggang kuwentong kathaing- isip tulad ng pabula.

## *Subukin*

<u>Panuto</u>: Pakinggan ang maikling kuwento. Sagutin ang sumusunod na mga tanong. Isulat ang letra ng tamang sagot.

### Ang Magkakaibigan

Isang umaga, sa isang malaking sanga ay nagkita- kita ang magkakaibigang sina Tipaklong, Uod at Bubuyog.



1. Ano ang pamagat ng kuwento?
    a. si Tipaklong
    b. ang magkakaibigan
    c. si Uod
    d. si Bubuyog

2. Ilan ang tauhan sa kuwentong binasa?
    a. 2
    b. 4
    c. 3
    d. 5

3. Saan nagkita-kita ang magkakaibigan?
    a. sa isang malaking sanga
    b. sa bukid
    c. sa dahon
    d. sa bulaklak

4. Sino ang nagyayang maglaro?
    a. si Tipaklong
    b. si Uod
    c. si Bubuyog
    d. si Wala

5. Ano ang damdamin ng magkakaibigan sa kuwento?
    a. malungkot
    b. galit
    c. takot
    d. masaya


**Aralin 4**

# Pagsagot sa mga Tanong Tungkol sa Napakinggang Kuwentong Kathang-isip

Ang pakikinig ay isang kasanayan na dapat linangin sa mag-aaral. Ang batang may mabisang kasanayan sa pakikinig ay may kakayahang makipag-ugnayan at maipahayag ang kanyang saloobin na magagamit niya sa pang-araw-araw.

Ang pakikinig ng pabula ay lubos na kinagigiliwan ng mga bata. Pinupukaw nito ang damdamin at kamalayan ng nagbabasa/nakikinig sa mas mababaw at nakakaaliw na paraan.

Paano nga ba maipamamalas ang mabisang pakikinig?



## *Balikan*

Ang  sumusunod na mga pahayag ay nagpapakita ng iba't ibang gawi sa pakikinig. Lagyan ng ✓ (tsek)ang patlang kung ang gawi ay tama at x (ekis) kung mali.

___1. Ituon ang pansin sa nagbabasa.

___2. Makipag-usap sa katabi habang nakikinig ng kuwento.

___3. Umupo ng tuwid at ihanda ang sarili sa pakikinig.


___4. Tandaan ang mahahalagang impormasyong maririnig sa kuwento.

___5. Ibaling ang paningin sa mga bagay na nasa loob ng silid-aralan habang nakikinig ng kuwento.

## *Tuklasin*

Panuto: Pakinggang mabuti ang babasahing kuwento at unawain ito.

### Ang Matalik na Magkaibigan



Matalik na magkaibigan sina Tiktok Manok at Ming Pusa, mahal nila ang isa't isa. Madalas na maglaro ang dalawa sa bukid.

"Bilisan mo naman ang takbo Tiktok malayo na ang bola," ang wika ni Ming. Saluhan ng bola ang madalas nilang nilalaro.

Sa kanilang pag-uwi lagi silang nakikipag-unahan sa paglubog ni Haring Araw.

## *Suriin*

Nagustuhan mo ba ang narinig na kuwento?

Panuto: Mula sa napakinggang kuwento, sagutin ang sumusunod na mga tanong. Isulat ang letra ng tamang sagot.

1. Sino-sino ang bida sa kuwento?
   a. Beng at Ming
   b. Tiktok at Maya
   c. Tiktok at Ming
   d. Beng at Mata
2. Saan madalas maglaro ang magkaibigan?
   a. sa bundok
   b. sa ilog
   c. sa daan
   d. sa bukid
3. Ano ang madalas nilang nilalaro?
   a. saluhan ng bola
   b. habulan
   c. taguan
   d. sipa
4. Paano ipinakita ng magkaibigan ang kanilang pagmamahal sa isa't isa?
   a. Palagi silang nag-aaway.
   b. Sabay silang kumakain.
   c. Madalas silang maglaro.
   d. Sila ay nagbibigayan.
5. Bakit mahalagang magkaroon ng kaibigang tulad nina Tiktok at Ming?
   a. upang maging masaya
   b. upang may kalaro
   c. upang masarap may nagmamahal
   d. lahat ay tama



***Para sa Tagapagdaloy***


Basahin ang kuwento at gabayan sa pagsagot nang wasto sa mga tanong na may lubos na pagkaunawa ang mag-aaral.

## *Pagyamanin*

**Pinatnubayang Pagsasanay 1**

<u>Panuto</u>: Pakinggan ang babasahing kuwento at sagutin ang mga tanong. Isulat ang letra ng tamang sagot.

### Ang Matakaw na Buwaya



“La la la la…. busog na busog ako, ang sarap matulog,” ang pakantang wika ni Bua.

Ang lahat ng hayop na mapunta sa ilog ay hindi nakakaligtas sa mata ni Bua.

Halos di na makagalaw si Bua sa kabusugan nang biglang, “Magandang araw kaibigan, pwede ba akong makiinom?” ang bati ni kuneho kay Bua.”

Lumapit ka para makainom ka ng marami,” aya pa ng buwaya. Kahit busog na siya gusto pa rin niyang kainin ang kuneho.

“Sandali, kaibigan uminom ka pa mukhang uhaw ka pa” pagpipilit ni Bua.”

Hindi maaari  nandito na ang mga mangangaso ayokong mahuli!” Mabilis na nakatakbo si kuneho. Samantalang si Bua ay hindi makagalaw sa busog kaya siya ay nahuli ng mga mangangaso.

1. Sino ang nakatira sa ilog?
   a. si Kuneho b. si Bua c. si Tikboy

2. Ano ang katangian niya?
   a. mapagbigay b. antukin c. matakaw
3. Aling pahayag sa kuwento ang nagpapatunay na siya ay matakaw.
   a. “La la la la…. busog na busog ako ang sarap matulog.”
   b. Ang lahat ng hayop na mapunta sa ilog ay hindi nakakaligtas sa mata ni Bua.
   c. ” Lumapit ka pa para makainom ng marami”

4. Sino ang dumating sa ilog para makiinom?
   a. si Maya b. si Daga c. si Kuneho


5. Bakit nahuli ng mangangaso si Bua?
   a. dahil hindi na siya makagalaw dagil sa sobrang busog
   b. dahil siya ay nakatulog
   c. dahil gusto niyang magpahuli

## Pinatnubayang Pagtatasa 1

Panuto: Pakinggan ang babasahing kuwento. Iugnay ang tanong sa Hanay A sa tamang sagot sa Hanay B.

### Ang Mahiwagang Keso ni Dodi

Masayang umuwi ng bahay si Dodi Daga. “Anak, bakit ka ba masaya?” tanong ng kanyang ina. “Nanay may nakita po akong matanda at mukhang gutom kaya ibinigay ko po sa kanya ang baon kong tinapay,” masayang pagkukuwento pa niya.



Matutulog na sana si Dodi nang bigla niyang maalala ang matanda na kanyang tinulungan. “Anak, dahil mabuti ang iyong kalooban, tanggapin mo itong munti kong regalo sa iyo,” ang wika ng matanda sa kanya. Binuksan ni Dodi ang kahon at nakita niya ang isang maliit na keso.

Mahiwaga ang keso ni Dodi. Lumalaki ito araw-araw.

| **Hanay A** | **Hanay B** |
|---|---|
| 1. Sino ang batang daga sa kuwento? | a. tinapay |
| 2. Ano ang naramdaman niya nang tulungan niya ang matanda? | b. mahiwaga |
| 3. Ano ang ibinigay niya sa matanda? | c. si Dodi |
| 4. Ano ang regalong natanggap niya? | d. masaya |
| 5. Ano ang katangian ng regalo? | e. keso |

## Pinatnubayang Pagsasanay 2

Panuto: Pakinggan ang babasahing kuwento at sagutin ang sumusunod na mga tanong. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

### Si Mayang Masayahin



Kanta dito kanto doon, ito ang hilig ni Maya kaya marami siyang kaibigan. Hindi siya mapipigil sa pagkanta kahit may ginagawa siya.

"Naku! Tanghali na pala, uwi na tayo," wika ni Loro. "Oo nga, masakit na sa balat ang sikat ng araw," sagot naman ni Kuwago. "Nalibang tayo dahil sa walang hintong pagkanta ni Maya. Ha ha ha!" sabat naman ni Pipit. "La la la… oras na para umuwi at maghiwa- hiwalay," paawit na wika ni Maya.

Ang kanyang mga kaibigan ang tumawag sa kanya ng Mayang Masayahin.

1. Sino ang mahilig kumanta? ___________________________________
2. Ilan ang magkakaibigan sa kuwento? __________________________
3. Sino sa magkakaibigan ang nag-ayang umuwi? _________________
4. Ano ang uri ng panahon sa kuwento? _________________________
5. Ano ang itinawag ng magkakaibigan kay Maya?

   __________________________________________________________

## Pinatnubayang Pagtatasa 2


Panuto: Basahin ang kuwento. Sagutan ang mga tanong.


**Si Bantay**

Sa umaga, ang gawain ni Bantay ay magwalis ng paligid at magdilig ng mga halaman. Sa tanghali naman ay tinutulungan niya ang kanyang ina sa paghahanda ng pagkain. Pagkatapos ng kanyang mga gawain, masayang nakikipaglaro si Bantay sa kanyang mga kaibigang aso.

1. Ano ang pamagat ng kuwento?
2. Sino ang bida sa kuwento?
3. Ano-ano ang ginagawa niya sa umaga?
4. Ano naman ang ginagawa niya pagdating ng tanghali?
5. Sino ang mga kalaro niya?

## Malayang Pagsasanay 1

<u>Panuto</u>: Pakinggan ang babasahing kuwento at gawin ang pagsasanay. Iguhit ang  kung ang sagot sa tanong ay tama at isulat naman ang **<u>Mali</u>** kung mali ang sagot.



**Pasaway na Isda**

Papalayo nang papalayo ang paglangoy ni Dely nang tawagin siya ng kanyang ina. “Delikado pa sa iyo ang lumangoy sa malayo. Maliit ka pa anak at baka mawala ka!” banta ng ina sa kanyang anak.

Isang umaga, hindi napigilan ni Dely ang lumangoy habang ang kanyang mga magulang ay natutulog pa. “Inang Dilis at Amang Dilis, nasaan po kayo?” tanong ni Dely. Dahil sa kakalangoy di namalayan ni Dely na nawawala na pala siya.

Nagtago si Dely sa malaking bato sa takot na makain siya ng malalaking isda.

____________________1. Sino ang bida sa kuwento?

Sagot: si Dely

____________________2. Ano ang hilig niyang gawin?

Sagot: kumanta

____________________3. Anong uri ng isda si Dely?

Sagot: Dilis

____________________4. Kailan siya nawala?

Sagot: gabi

____________________5. Saan siya nagtago?

Sagot: sa halaman

## Malayang Pagtatasa 1

Panuto: Pakinggan ang babasahing kuwento at sagutin ang mga tanong. Isulat ang letra ng tamang sagot.

### Ang Uod at Paruparo

Tuwing umaga nagkikita sina Paruparo at Uod sa halamanan. Si Paruparo ay masayang palipat-lipat sa mga bulaklak habang si Uod naman ay palipat-lipat sa mga dahon.

Isang umaga. “Kaibigang Uod bakit malungkot ka?” tanong ni Paruparo. “Naiinggit ako sa iyo kaibigang Paru- paro,” sagot naman ni Uod. “Gusto kong makalipad tulad mo at makarating sa iba’t-ibang lugar,” paliwanag pa niya. “Huwag kang mag-alala kaibigan darating ang panahon na makakalipad ka rin,” wika naman ni Paruparo. Natuwa si Uod sa kanyang narinig. Mabuting kaibigan si Paruparo. Ayaw niyang nalulungkot ang kanyang kaibigan.

Makalipas ang isang linggo, sabay nang lumilipad at nagpapalipat-lipat sa mga bulaklak ang magkaibigan.

1. Sino ang magkaibigan sa kuwento?
   a. sina Paruparo at Kulisap
   b. sina Uod at Bubuyog
   c. sina Paruparo at Uod

2. Kailan nagkikita ang dalawa?
   a. tuwing umaga
   b. tuwing tanghali
   c. tuwing gabi

3. Bakit nagtutungo si Paruparo sa halamanan?
   a. upang magpalipat-lipat sa mga dahon
   b. upang magpalipat-lipat sa sanga
   c. upang magpalipat-lipat sa mga bulaklak

4. Anong kakayahan ni Paruparo ang gustong magkaroon ni Uod?
   a. makalipad
   b. makatakbo
   c. makatalon

5. Anong uri ng kaibigan si Paruparo?
   a. mayabang    b. mabuti    c. mapagbigay

## Malayang Pagsasanay 2

Panuto: Pakinggan ang babasahing kuwento at sagutin ang mga tanong. Isulat sa patlang ang iyong sagot.

### Bertong Payatot

"Payatot, payatot!" sigaw na naririnig ni Berto kaya patakbo siyang umuwi ng kanilang bahay. Hindi kumakain ng gulay si Berto kaya siya ay sakitin at payat.

"Nanay, kakain na po ako ng gulay. Gusto ko pong maging malusog para hindi na po nila ako tawaging payatot," wika ni Berto.

Ngayon, si Berto ay isa nang malusog at masiglang kalabaw kaya mula noon tinawag na siyang Bertong Makisig.

1. Sino ang tinatawag na payatot sa kuwento? ____________________
2. Ano ang ayaw niyang pagkain? ________________________________
3. Bakit kaya siya sakitin at payat? ________________________________
   ____________________________________________________________
4. Bakit niya gustong maging malusog?___________________________
5. Ngayong malusog at masigla na siya, ano na ang tawag sa kanya?__

## Malayang Pagtatasa 2

Panuto: Pakinggan ang babasahing kuwento at sagutin ang mga tanong. Isulat sa patlang ang iyong sagot.

### Pula, Dilaw at Itim

"Tiktilaok, tiktilaok mga anak gising na," ang tawag ni Inahing Manok sa mga anak. "Pula, maghanda ka na at maaga tayong pupunta sa bukid," wika pa nito.

Mabilis na kumilos si Pula at inihanda ang mga kagamitan sa pagtatanim.

Si Pula ang pinakamatanda sa magkakapatid. Siya ang katulong ni Inahing Manok sa bukid.

“Itim, mag-ingat ka sa paglalaro baka masaktan ka,” paalala ni Dilaw sa bunsong kapatid. Si Dilaw ang nag-aalaga sa bunsong kapatid habang si Inahing Manok ay nasa bukid.

Mababait na anak sina Pula, Dilaw at Itim. Tinutulungan nila si Inahing Manok sa iba’t ibang mga gawain nito.

1. Sino ang katulong ni Inahing Manok sa pagtatanim?

   ________________________________________________

2. Paano masasabing mabait na kapatid si Dilaw?____________________________________________

3. Sino ang bunsong manok?______________________________

4. Bakit sinabi ni Dilaw na mag-ingat sa paglalaro si Itim?

   ___________________

5. Dapat bang maging mabuting anak tulad nina Pula, Dilaw at Itim na manok? Patunayan

   ________________________________________________

## *Isaisip*

Ang pakikinig ay mahalagang kasanayan na dapat malinang sa mag-aaral. Ito ay makatutulong sa pang- araw- araw na pamumuhay. Ang kasanayang ito ang dapat matutuhan upang madali tayong makaunawa sa ating pinakikinggan at sa sinasabi ng ating kausap.

Isaalang-alang ang sumusunod na mga panuntunan para matutuhan ang kasanayan sa mabisang pakikinig at pagkaunawa . Masusukat ito sa pamamagitan nang wasto at tamang pagsagot sa mga inihandang tanong.

- Ihanda ang sarili sa pakikinig.
- Ituon ang atensyon sa nagbabasa.
- Unawaing mabuti ang bawat salita at pangyayari/ impormasyon sa kuwentong pinapakinggan.
- Tandaan ang mahahalagang pangyayari o impormasyon sa napakinggan.
- Itala ang mahahalagang detalye sa napakinggan.

## *Isagawa*

<u>Panuto</u>: Makinig sa kuwento at gawin ang pagsasanay. Lagyan ng tsek (✓) ang tamang sagot sa mga tanong.


### Si Mimi Kambing

Si Mimi Kambing ay isang pasaway na anak. Hindi siya sumusunod sa mga bilin at pinag-uutos sa kanya. Kaya madalas si Mimi ay napagsasabihan ng kanyang mga magulang.

Isang araw, sina Amang Kambing, Inang Kambing at Mimi ay pumunta sa burol upang kumuha ng pagkain.

"Anak, huwag kang palundag-lundag baka mahulog ka sa bangin," ang bilin ni Inang Kambing. Ngunit nagpatuloy pa rin sa paglundag si Mimi.

Nang bigla na lang may narinig si Inang Kambing "Mee-mee! Tulong! Tulungan ninyo ako," ang malakas na iyak ni Mimi.



1. Sino ang pasaway na kambing?
   ___a. Enteng
   ___b. Mimi
   ___c. Emi

2. Bakit siya madalas pagsabihan ng kanyang mga magulang?
   ___a. Dahil siya ay madaldal.
   ___b. Dahil siya ay pasaway.
   ___c. Dahil siya ay matakaw.

3. Sino-sino ang nagpunta sa bukid?
   ___a. Amang Kambing, Inang Kambing at Mimi
   ___b. Amang Baka, Inang Baka at Berto
   ___c. Amang Usa, Inang Usa at Isa

4. Ano ang bilin sa kanya ni Inang Kambing habang sila ay nasa burol?

   ___a. “Anak, huwag kang palundag-lundag baka
   mahulog ka sa bangin.”

   ___b. “Anak, huwag kang pupunta sa malayo.”

   ___c. “Anak, umupo ka lang.”

5. Ano ang nangyari kay Mimi nang hindi siya sumunod sa bilin ng kanyang ina?

   ___a. Siya ay nadapa.

   ___b. Siya ay nawala sa burol.

   ___c. Siya ay nahulog sa bangin.

## *Tayahin*



Panuto: Makinig na mabuti sa babasahing kuwento.
Sagutin ang sumusunod na mga tanong.

### Si Bokyong Ayaw Maligo

Si Bokyo ay isang batang uod. Hilig niya ang kumain ng kumain ngunit hindi ang paliligo.

"Ayokong maligo! Ayokong mabasa!" pagtutol ni Bokyo. "Bakit ba kasi kailangan umulan? Sana huwag ng umulan kahit kailan," panalangin ni Bokyo.



Nakalipas ang ilang araw na hindi umuulan. Napansin ni Bokyo na hindi na makatas at masarap ang dahon na kanyang kinakain. Naalala ni Bokyo na kailangan ng mga halaman ang ulan para sila ay lumusog at dumami.

“Panginoon, patawarin po ninyo ako”. “Sana po, muli nang umulan upang lumusog ang mga halaman,” muling panalangin ni Bokyo. Pagkaraan ng ilang sandali muling dumilim ang langit at bumagsak ang ulan.


1. Sino ang batang uod sa kuwento? ___________________________
2. Ano ang araw-araw na gawain niya? _________________________
3. Ano naman ang ayaw niyang gawin? _________________________
4. Ano ang nangyari sa mga halaman noong hindi na umulan? ______
5. Ano ang ginawa ni Bokyo para muling maging malusog ang mga halaman? ________________________________________________

## *Karagdagang Gawain*

<u>Panuto</u>: Makinig na mabuti sa kuwento at sagutin ang sumusunod na mga tanong.

### Ang Mayabang na Baboy

“Tabi ang baho mo!” ang wika ng mayabang na si Tikboy. Sa Baryo Kuliglig, siya ay hinahangaan dahil sa kanyang makinis na balat at mga pinong balahibo. Ito rin ang dahilan kaya ayaw niyang makisama sa ibang baboy.



“Tikboy, maglaro tayo,” aya ni Bokyo.

“Di tayo magkatulad kaya ayaw kitang kalaro,” ang madalas sabihin ni Tikboy.

1. Sino ang bida sa ating kuwento? ____________________________
2. Ano-ano ang mga katangian niya?

    ________________________________________________________
3. Saan nangyari ang kuwento?________________________________
4. Sino ang nagyaya kay Tikboy para maglaro?

    ________________________________________________________
5. Ano ang masasabi sa pag-uugali ni Tikboy? Dapat ba siyang tularan? Patunayan ang kasagutan.

    ________________________________________________________

## *Susi sa Pagwawasto*

| Subukin | Balikan | Suriin | |
|---|---|---|---|
| 1. b<br>2. c<br>3. a<br>4. a<br>5. d | 1. /<br>2. X<br>3. /<br>4. /<br>5. x | 1. c<br>2. d<br>3. a<br>4. c<br>5. d | |
| | | **Pagyamanin** | |
| **Pinatnubayang Pagsasanay 1**<br>1. b<br>2. c<br>3. b<br>4. c<br>5. a | **Pinatnubayang Pagtatasa 1**<br>1. c<br>2. d<br>3. a<br>4. e<br>5. b | **Pinatnubayang Pagsasanay 2**<br>1. si Maya<br>2. apat (4)<br>3. si Loro<br>4. maaraw /matindi ang sikat ng araw<br>5. Mayang Masayahin | **Pinatnubayang Pagtatasa 2**<br>1. Si Bantay<br>2. si Bantay<br>3. magwalis at magdilig<br>4. naghahanda ng pagkain<br>5. kaibigang aso |
| **Malayang Pagsasanay 1**<br>1. <br>2. lumangoy<br>3. <br>4. umaga<br>5. malaking | **Malayang Pagtatasa 1**<br>1. c<br>2. a<br>3. c<br>4. a<br>5. b | **Malayang Pagsasanay 2**<br>1. si Berto<br>2. gulay<br>3. hindi siya kumakain ng gulay<br>4. para hindi na siya tawaging payatot<br>5. Bertong Makisig | **Malayang Pagtatasa 2**<br>1. si Pula<br>2. Mabait na kapatid si Dilaw dahil siya ang nag-aalaga sa kanyang bunsong kapatid.<br>3. si Itim<br>4. upang hindi siya masaktan<br>5. Oo. Dapat nating mahalin ang ating mga magulang kasi sila ay naghihirap para sa atin. |
| **Isagawa**<br>1. b<br>2. b<br>3. a<br>4. a<br>5. c | **Tayahin**<br>1. Si Bokyo<br>2. kumain<br>3. maligo<br>4. Hindi na makatas at masarap ang mga dahon.<br>5. nagdasal | **Karagdagang Gawain**<br>1. si Tikboy<br>2. makinis ang balat at pino ang mga balahibo<br>3. Baryo Kuliglig<br>4. Si Bokyo<br>5. Mayabang, Hindi dapat tularan si Tikboy dahil masama ang manlait ng kapwa. | |

## *Sanggunian*

Garcia, Nilda S., Jackelyn F. Aligante, Melany B. Ola, Aida J. Cruz, Erlinda B. Castro, Virginia C. Cruz, Matilde N. Padalla, Galcoso C. Alburo, and Estrella C. Cruz. 2013. *Ang Bagong Pinoy Filipino 2 Kagamitan Ng Mag-aaral*. Pilipinas: Rex Book Store Inc.

Garcia, Nilda S., Jackelyn F. Aligante, Melany B. Ola, Aida J. Cruz, Erlinda B. Castro, Virginia C. Cruz, Matilde N. Padalla, Galcoso C. Alburo, and Estrella C. Cruz. 2013. *Ang Bagong Pinoy Filipino 2 Patnubay ng Guro*. Pilipinas: Rex Book Store Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph